PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

**PUBLIC BRIEFING #LAGINGHANDAPH**
**HOSTED BY PCOO SECRETARY MARTIN ANDANAR**
**AND PCOO UNDERSECRETARY ROCKY IGNACIO**
**WITH RESOURCE PERSONS:**
**DEPARTMENT OF LABOR AND EMPLOYMENT SECRETARY SILVESTRE BELLO;**
**DEPARTMENT OF AGRICULTURE SECRETARY WILLIAM DAR;**
**PHILIPPINE NATIONAL POLICE SPOKESPERSON BRIGADIER GENERAL BERNARD BANAC; BOY SCOUT OF THE PHILIPPINES PRESIDENT ROBERTO PAGDANGANAN;**
**BANGSAMORO AUTONOMOUS REGION ON MUSLIM MINDANAO MINISTER OF INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT, ATTY. NAGUIB SINARIMBO**

**APRIL 18, 2020 (11:02-11:59 AM)**

**SEC. ANDANAR:** Magandang umaga Pilipinas. Matinding krisis ang kinakaharap ng ating bansa dulot ng COVID-19. Kaya naman maraming mga katanungan at hinaing ng ating mga kababayan.

**USEC IGNACIO:** Ngayong umaga ating titiyakin na ang lahat ng mga ito ay ating sasagutin at lilinawin, kasama rin siyempre ang mga kawani ng ating pamahalaan. Ako po si Undersecretary Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Ako po naman si Secretary Martin Andanar at ito ang Public Briefing #LagingHandaPh.

Upang sumagot sa mga tanong ng bayan, maya-maya lang po ay makakausap natin via VMIX sina Department of Labor and Employment Secretary Silvestre Bello; Department of Agriculture Secretary William Dar; Philippine National Police Spokesperson Brigadier General Bernard Banac; Boy Scouts of the Philippines president Roberto Pagdanganan.

**USEC IGNACIO:** Makakausap rin po natin si Bangsamoro Autonomous Region on Muslim Mindanao Minister of Interior of Local Government, Atty. Naguib Sinarimbo via a phone patch.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, magmula ng makibaka ang Pilipinas laban sa banta ng COVID-19 ay nakasubabay at patuloy na tumutulong si Senador Bong Go at ang kaniyang opisina. Kahapon lamang po ay pinangunahan ng senador ang pag-turn over ng rice assistance sa ating medical frontliners at iba pang medical personnel sa Southern Philippines Medical Center o SPMC sa Davao City. Anya bilang taga-Davao sinisikap niyang makapagpaabot ng tulong mula sa mga kaibigan at kapwa Pilipino na walang sawang tumutulong. Katuwang ni Senador Bong Go ang kaniyang mga staff at taga-suporta sa pagdala ng mga pribadong donasyon na mga medical supplies. Nagpaabot naman ng pasasalamat ang senador sa mga nag-donate para makatulong sa mga medical frontliners at mga ospital sa probinsya. Dagdag pa niya sa panahon ng krisis, dapat na magbayanihan ang lahat.

[VOICE OVER OF SEN. BONG GO]

**USEC IGNACIO:** Samantala, maaari na pong makapag-apply ng GSIS emergency loans via online, ito po ay kasunod ng walang sawang pag-apila ni Senador Bong Go sa gobyerno na tulungan ang ating mga kababayan na apektado po ng COVID-19.

Ayon kay GSIS President and General Manager Rolando Ledesma Macasaet ang isang miyembro at pensioner ay maaring makautang ng P20,000 payable in three years na may 6% lamang po na interest kada-taon. Anya, maari rin silang makapag-apply ng loan sa pamamagitan po ng GSIS wireless automate processing system kiosk sa lahat po ng branch at extension branch ng GSIS. Bukod pa rin diyan kuwalipikado ring pong makapag-apply ng COVID-19 emergency loan ang mga GSIS members na may good standing maliban po sa mga miyembrong naka-leave without pay.

Nito pong Martes, sinabi ni Macasaet na madadagdagan po ang regular life insurance ng mga member frontliners base po sa kanilang monthly salary. Sa bagong insurance policy po ang mga medical workers ay magkakaroon ng karagdagang P500,000 sa kanilang allowable coverage. Samantala, ang mga pamilya naman po na namatay na mga medical frontliners dahil sa COVID-19 ay makakatanggap naman ng minimum of 1.8 million.

Patuloy pa rin po ang paghikayat ng senador sa gobyerno na suportahan at protektahan ang mga health workers sa pakikibaka po nila sa banta ng COVID-19.

Samantala, nagpaabot naman po ng pasasalamat si Senator Bong Go sa mga ahensiya ng gobyerno na nag-implement po ng Small Business Wage Subsidy Program para sa mga maliliit na negosyo na napilitang tumigil para sa Enhanced community. Ayon po sa Department of Finance 3.4 milyong empleyado ng Micro Small Medium Enterprises or MSMEs ang inaasahang mabibigyan ng ayuda na aabot mula P5,000 to P8,000 sa loob ng dalawang buwan. Dagdag pa ni Senador Go, importanteng tulungan ang ating mga maliliit na negosyo na makabangon na agad ngayon.

**SEC. ANDANAR:** Sa puntong ito makakausap natin si DOLE Secretary Bebot Bello. Magandang umaga po sa inyo, Sec. Bebot.

**SEC. BELLO:** Good morning.

**SEC. ANDANAR:** Yes sir, nang simulan ang implementation ng COVID Adjustment Program o itong CAMP ng DOLE mula March 23 para sa mga formal sector workers, ilan na po ba ang bilang ng mga manggagawang nakatanggap ng assistance at ilan po ba ang inaasahan nating makakatanggap ng cash assistance sa mga susunod na araw?

**SEC. BELLO:** As of April 18, Sec. Martin, nakarating na po sa mga 237,653 formal workers iyong ating one-time cash assistance of P5,000. This involves the amount of 1,188,265,000. We are still targeting about 231,975 formal workers, Sec. Martin, and this will also cost about P1,610,000,00. Iyon po ang aming binibigyan ng tulong sa ilalim ng COVID Adjustment Measure Program o CAMP for short.

Pero mayroon din kaming programa, Sec. Martin, na para sa mga informal workers naman, ito iyong self-employed workers kagaya halimbawa iyong mga sidewalk vendors, iyong mga labandera, iyong mga tricycle drivers, and similar workers. Mayroon na po kaming nabigyan ng benepisyo na around 178,549 this involves the amount of P410,739,654. Mayroon pa kaming tina-target na 235,949 informal workers, Sec. Martin, and this will cost again another 966,000 plus.

Sec. Martin, mas mahalaga na malaman po ng ating mga kababayan na mayroon tayong programa na tinatawag na CAMP-AKAP, ito naman iyong cash assistance sa mga minamahal ni Pangulong Duterte, iyong mga OFWs. Iyong mga OFWs na nawalan ng trabaho dahil sa COVID-19 ay bibigyan natin ng cash assistance of 200 dollars, Sec. Martin. Kung nandoon pa sila sa ibang bansa, matatanggap nila $200. Pero kung nakauwi na sila but they lost their job because of COVID-19, they will receive a peso equivalent of P10,000.

Ngayon, Sec. Martin, gusto ko lang bigyan nang konting linaw dahil may mga nagrereklamo tayong mga OFW, sabi nila, “Sir, hindi nga kami nawalan ng trabaho pero hindi naman kami makapagtrabaho dahil naka-quarantine kami so wala kaming kita – no work, no pay.” So ang naging desisyon po ng aming tanggapan, Sec. Martin, na iyong mga kababayan nating overseas workers na nawalan ng trabaho—o hindi nawalan ng trabaho pero hindi makapagtabaho dahil sa COIVD-19, isama na rin sila sa assistance of $200. Iyon po ang ating programa, Sec. Martin, and we are still in the process of receiving their application, and after that, remittances of their cash assistance.

**SEC. ANDANAR:** Marami sa ating mga kababayan na nagtatanong dahil hanggang ngayon ay wala pa rin po silang natatanggap na ayuda mula sa kanilang mga kumpanya. Ano po ba ang kadalasang rason kung bakit hindi pa rin po napuproseso ang kanilang application? Saan po sila maaaring mag-follow up, Secretary Bebot?

**SEC. BELLO:** Well, unang-una, Sec. Martin, nagkaroon ng delay diyan dahil noong una ay medyo takot iyong mga employers na mag-submit ng kanilang payroll; and we can understand that. But after explaining to them na kung anuman ang pagkakamali ninyo o anuman ang mga diperensiya sa payroll ninyo, huwag na kayong matakot. We will recommend to the President amnesty para hindi na kayo hahabulin dahil hindi kayo nag-report sa BIR, hindi kayo nag-report sa SSS, sa PhilHealth at sa Pag-ibig.

After that, Sec. Martin, dumating na iyong mga payrolls and by the way, Sec. Martin, dati payroll ang nire-request namin. Pero ngayon, to liberalize the requirement, sinabi namin na puwede nang pay slip, puwede nang logbook, puwede nang ledger, just any evidence na mayroon kayong mga empleyado na hindi nakapagtrabaho dahil naka-quarantine.

**SEC. ANDANAR:** Bago ko ipasa ang mikropono kay Usec. Rocky Ignacio, kami po ay nakikiramay sa inyong pamilya, Sec. Bebot, sa pagpanaw po ng inyong kapatid na si Catherine Bello. Taus-pusong nakikiramay po kami sa inyo, sir.

**SEC. BELLO:** Maraming salamat, Sec. Martin. Usec. Rocky, maraming salamat. Paborito ko iyan si Catherine eh, sumusunod sa akin iyon – the first to die among ten children.

**SEC. ANDANAR:** Ito po ay may kinalaman sa COVID, Sec. Bebot?

**SEC. BELLO:** Opo, Sec. Martin. Pinasok siya noong March pa, March 25 nandoon siya. It was determined na contaminate siya ng COVID-19. She was about to recover; I don't know anong nangyari. Nag-relapse. Then just this morning, we received the news that my sister, my favorite dear sister Cathy already left us.

**SEC. ANDANAR:** Condolences po, Sec. Bebot. At alam kong because of COVID ay talagang ngayon ay mas malalim na ang iyong dedikasyon sa paglaban na ito dahil sa nangyari sa inyong kapatid na si Catherine. Go ahead, Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Nakikiramay po kami sa (garbled) People's Television at ng buong PCOO. Nakikiramay kami, Secretary Bello. At nagpapasalamat kami sa kabila po ng nangyari sa inyong pamilya ay nakasama pa rin namin kayo sa Laging Handa para sa bayan po.

Ito po ang tanong: "Dahil limitado na po ang mga maaaring maging benepisyaryo ng CAMP, paano po pinili ng DOLE kung sino lamang po ang makakasama? May alternative program po ba na binubuo ang DOLE at iba pang ahensiya para sa mga hindi makakatanggap ng CAMP benefits?"

**SEC. BELLO:** Mabuti, Usec. Rocky—pero before I answer that, mayroon lang akong ipaparating na balita, dahil ewan ko kung nakarating na sa inyong kaalaman. May Facebook na lumabas na mayroon kaming welfare officer in Dubai na minumura niya iyong mga OFW. I saw it on Facebook eh na itong aming welfare officer, sa halip na tulungan iyong mga OFW namin, bigyan ng pagkain, aba minumura. So immediately yesterday, I ordered the suspension and the investigation, and immediately ordered his recall to the Philippines. The first available flight, iuuwi na siya.

Now to answer your question, ano nga pala iyon, Usec. Rocky, iyong tanong mo?

**USEC. ROCKY:** Opo, uulitin ko po iyong tanong ko, Secretary: "Dahil limitado na po ang mga maaaring maging benepisyaryo ng CAMP, paano po pinili ng DOLE kung sino lamang po ang makakasama? Kung may alternative program po ba na binubuo ang DOLE at iba pang ahensiya para sa mga hindi makakatanggap ng CAMP benefits?"

**SEC. BELLO:** Thank you, Rocky. Actually, iyong programa naming cash assistance of P5000 is addressed to iyong mga formal workers. Ito iyong mga nagre-report ng eight hours a day, may employer sila. Ngayon, hindi sila nakapasok dahil sa COVID-19, at alam mo naman 'no work, no pay'. Kaya nag-conceptualize kami ng programa na makapagbigay sa kanila ng one-time cash assistance of P5,000.

Ngayon, I understand that Secretary Dominguez and the SSS are conceptualizing another mode, another program to absorb iyong mga hindi namin ma-accommodate. Kasi as of April 15, hininto na namin iyong application and nili-limit na lang namin iyong pagbabayad namin doon sa mga na-approve na namin na 321,000. Iyon namang nag-submit---kasi marami eh, marami ang nag-submit sa amin; more than a million ang nag-submit sa aming mga formal workers. Pero beyond

ng budget namin kaya i-endorse na namin kay Secretary Dominguez tutal mayroon naman siyang programa.

**SEC. ANDANAR:** Katanungan naman po mula kay Aileen Taliping ng Abante: "May contingency plans ba ang gobyerno para sa mga repatriated seafarers? Kasi after ng kanilang quarantine wala silang trabaho, paano nila masusuportahan ang kanilang pamilya?" Nabanggit na iyan ni Sec. Bebot. Pero, Sec. Bebot, ulitin ninyo lang po ang sagot.

**SEC. BELLO:** Well, unang-una, they are entitled doon sa cash assistance of $200 or its peso equivalent. And in addition, mayroon tayong national reintegration program para sa kanila. Of course, eh iyong mga seafarers, hindi masyadong problema because our manning agencies, iyong mga shipping agencies, they are committed to re-hire them pero kailangan lang hintayin natin iyong mag-re-operate iyong kanilang mga cruise ship.

Pero other than that, kung saka-sakaling hindi na sila ma-accommodate, hahanapan natin sila dito sa Pilipinas ng alternative employment opportunity. Kung hindi pa rin uubra, bibigyan natin sila ng livelihood program. In the meantime, (garbled) bibigyan namin ng scholarship lahat ng anak ng mga OFWs.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Secretary, kaugnay naman po sa pagbibigay ng hazard pay. Linawin po natin kung sinu-sino iyong mga manggagawa na dapat makatanggap nito. May ilan po kasing mga manggagawa na dumadaing po sa kabila daw po ng banta ng COVID-19, pumapasok sila pero hindi daw po sila di-umano nabibigyan ng hazard pay ng kanilang agency. Papaano po ito, Secretary?

**SEC. BELLO:** Sorry, Rocky, kasi iyong hazard pay kasi ay naibibigay lang sa mga government employees. We were thinking of also recommending na sana iyong mga nasa private sector din lalung-lalo na iyong nasa medical, iyong mga frontliners, kasi ang dami ring nurses, ang dami ring doctors, mga medical workers na nagtatrabaho sa private hospitals, as of now they are not entitled dahil iyong hazard pay na ina-approve ay para sa mga government employees lang. So we were thinking of recommending that they should be included in the hazard pay. Pero we will wait for the approval of the… recommendation of the Inter-Agency Task Force, and finally the approval of the President.

**USEC. IGNACIO:** Secretary, may tanong dito: Kung mayroon daw pong contingency plan ang DOLE doon po sa mga empleyado na posible pong mawalan o matanggal sa trabaho dahil may mga umaaray daw po kasing mga employers ngayon o kumpanya na naging malaki po ang epekto ng COVID-19 sa kanilang mga kumpanya?

**SEC. BELLO:** Mabuti natanong mo iyan USec. Rocky, kasi we are now conceptualizing a post-COVID-19 recovery plan. Mayroon po kaming pinaplano at ipiprisinta namin in due time sa Inter-Agency Task Force.

Ito, total approach ito. Ang unang-una naming inaasikaso dito iyong employment. More than anything else kailangang iyong ating manggagawa ay hindi mawalan ng trabaho kaya iyon ang

aming central focus ngayon na gagawa ng mga programa siguro during the… maybe first or two weeks of May we will present that to the Inter-Agency Task Force.

We have to be very sure na iyong ating mga employees, iyong mga manggagawa natin ay hindi mawalan ng trabaho. In fact, we were saying that more than the issue of security of tenure is the issue of employment.

**USEC. ROCKY:** Maganda po iyan, Secretary, at makakatulong pa rin doon sa mga nangangamba na posibleng mawalan ng trabaho dahil sa COVID-19. Maraming salamat po, Secretary Bello sa inyong oras na inilaan sa Public Briefing. Again, kami po ay nakikiramay sa inyong buong pamilya sa pagkawala po ng iyong mahal na kapatid na si Ms. Cathy Bello.

**SEC. BELLO:** Thank you, Rocky. Thank you, Sec. Martin.

**SEC. ANDANAR:** Oras po natin, alas one beinte tres ng umaga. Sa puntong ito makakausap po naman natin si Agriculture Secretary Willy Dar. Magandang umaga po sa inyo, Sec. Willy.

**SEC. DAR:** Magandang umaga po naman, Sec. Martin and USec. Rocky.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po at kayo po ay suki na namin dito. Alam ko marami kayong suki sa inyong mga pananim, sa inyong mga harvest, ikaw naman ang suki namin sa broadcast. Itinuturing nating frontliners ang ating mga agriculture and fisheries workers. Ano ba ang mga nararanasan nilang pagsubok ngayong nasa krisis tayo ng COVID-19? Paano ninyo po sila tinutulungan?

**SEC. DAR:** Tama po, mayroon tayong ayuda na ibinibigay sa mga rice farmers initially, kasi sila iyong apektado doon sa initial impact ng Tariffication Law. At last year, we started giving iyong rice farmer financial assistance na ang target beneficiaries ay 591,246; tapos itong taon na ito 2020 ay mayroong another batch na good for 34 provinces ngayon at ang tawag natin, itong ayuda ay Financial Subsidy for Rice Farmers, so another three billion.

So, six billion is you know, being worked out at a good number of them have now received itong financial subsidy and financial assistance. We have to accelerate kasi dati-rati po before ECQ ng Luzon ay iyong programa natin ay ang partner with two financial institutions kagaya po ng DBP Land Bank. Sa Land Bank particularly ay through cash cards. So, magbibigay nang card para i-withdraw sa ATM ng Land Bank.

Gawa nitong ECQ po, maraming limitations na hindi ma-accelerate iyong paggawa ng cash cards ang Land Bank, so ang decision po natin with them recently ay pamimigay ng—ibibigay na itong ayuda sa hindi pa nakatanggap through over the counter scheme, meaning doon na sa bangko mayroon kaming ibibigay na listahan at nandoon na, validated na itong listahan ng Land Bank of the Philippines or even with DBP. So, wala ng problem sana dito sa next twelve days na pamimigay ng ayuda natin sa rice farmers, Sec. Martin and USec. Rocky.

**SEC. ANDANAR:** Ilan sa mga programang inihahanda po ninyo ang Plant, Plant, Plant Program kung saan nakapaloob ang rice resiliency project. Paano po ang implementation ng mga ito at

gaano po kalaki ang maitutulong nito upang masiguro ang food security ng ating bansa lalung-lalo na sa urban area, Secretary Dar.

**SEC. DAR:** Tama po, mayroon tayong under Plant, Plant, Plant Program—iyong objective muna, Sec. Martin. Iyong objective ay pataasin po iyong ani, pataasin iyong food sufficiency level ng mga iba't ibang commodities sa agrikultura starting sa rice, corn, mga fisheries, vegetables and many other commodities na importante po sa food security ng bansa.

Isa dito na bago na programa in a big way ay itong paglunsad natin, rollout natin ng urban agriculture. So, ang objective ng urban agriculture muna ay iyong ensuring household food security para every household kahit sabi natin mayroong mga sapat na mga vegetables supplies galing sa iba't ibang probinsiya papunta sa Metro Manila, pero kung puwede nga magtanim nga dito sa Metro Manila, sa mga bakuran, every household, sa mga pader nila. There are newer technologies that can now be used by the Metro Manila residents at tumutulong na po kami dito sa pamimigay ng mga seeds, mga seedlings para mai-start na iyong pagtatanim.

Initially, ibinibigay natin ay mga vegetable na puwedeng anihin in one month or in two months' time para mayroon nang dagdag na sapat na pagkain dito sa Metro Manila. So, ganoon din po sa ibang metro areas all over the country, inumpisahan natin itong Plant, Plant, Plant or urban agriculture.

At doon sa kanayunan, Sec. Martin and USec. Rocky, mayroon tayo ring tinatawag na backyard gardening. Again, this is with the objective of having to have or ensuring household food security.

At ang second part ng itong Plant, Plant, Plant ay iyong commercial farming at we are now prepositioning mga kailangan na inputs, mga seeds. Kagaya po dito sa wet season planting ng rice, we are going to cover 2.7 million hectares. Dati-rati, ang coverage lang ng government support sa rice production ay nasa 1.5 million hectares, ngayon ay the remaining of 1.2 million hectares ay isama na natin at mabuti naman ay nadagdagan po iyong ating budget nang 8.5 billion para sa rice resiliency project.

Sumatotal, itong rice resiliency project ay makakapagbigay ng additional 6% increase from the sufficiency level or rice sufficiency level of 87, magiging 93% na iyong rice sufficiency level by the end of the year.

So, iyon po talaga ang hinihikayat po natin, iniimbitahan po natin lahat ng mamamayan: Let's Plant, Plant, Plant now.

**USEC. ROCKY:** Secretary, kaugnay naman po sa swine flu outbreak, kamakailan po kasi ilang lugar sa bansa sa ngayon ay mayroon pong naitala na mayroon pong kaso nitong swine fever. Saan po ulit nagkaroon—nadagdagan po ba ang mga lugar na nagkaroon ng ganitong kaso at ano po iyong ginagawa ng departamento ninyo na alam po natin na naging abalang-abala dahil po sa mga measures na ginagawa natin laban naman po sa epekto ng COVID-19.

**SEC. DAR:** Opo. Mayroon tayong nakatoka dito, iyong Bureau of Animal Industry and the National Meat Inspection Service in tandem with the regional field offices. Of course ang frontliners natin diyan ay ang mga partners natin sa local government units.

Let me mention na malaking naitulong po itong Enhanced Community Quarantine for the whole Luzon kasi dito po sa Luzon particularly Central Luzon ang epicenter ng African Swine Fever so to speak. At iyon nga, doon sa quarantine checkpoints ay kokonti na—nawala na iyong mga ham traders na nagsasamantala na bumibili pa ng may sakit na baboy at ibinebenta sa ibang probinsiya o ibang rehiyon. So that's a very positive development.

Mayroon pa rin—nandiyan pa rin po iyong ASF natin. Let me give you the data na out of the 11.8 million ham inventory natin ay 2%, halos 2% lang iyong na-depopulate. So hindi po—ang karne po ng baboy ay sapat pa rin diyan sa merkado at towards the third quarter and fourth quarter, doon natin makikita iyong pagbaba ng supply ng karneng baboy.

Now, ano ang ginagawa po natin para mapunuan po natin itong pagkukulang ng pork? Lubus-lubos tayo sa chicken production, too much… sobrang-sobra po ang negosyo sa poultry production. So ang major source natin ng protina na galing sa animal ay sa manok. Even with that, napupunuan itong source na manok doon sa kakulangan ng pork ay talagang steady at mayroon tayong enough na supply ng manok dito sa merkado until next year.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Magandang balita pa rin po iyan. Maraming salamat po, Department of Agriculture Secretary William Dar sa inyong naging oras para sa Laging Handa. Salamat po.

**SEC. DAR:** Salamat po. Mabuhay po kayong lahat, let's Plant, Plant, Plant.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Ngayon naman po ay makakausap natin Secretary Martin via phone patch si BARMM Minister of the Interior and Local Government, Attorney Naguib Sinarimbo. Magandang araw po, Attorney.

**ATTY. SINARIMBO:** Magandang araw ho. Magandang araw ho, Secretary Andanar. Magandang araw sa mga kababayan natin sa buong Pilipinas.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney, kumusta na po ang sitwasyon ng ating mga kababayan sa Mindanao? Tumataas po ba iyong mga naitalang kaso ng COVID cases, at paano po ang sistemang pagtugon ninyo sa mga COVID-19 patients naman po?

**ATTY. SINARIMBO:** Sa ngayon po, ang cases natin, so far iyong suspected cases natin nasa 272. Iyong confirmed na cases natin ay nag-increase nang isa, so 9 na ho tayo sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao. In the past three days ho, nag-steady siya sa 8 and then iyong death natin nasa tatlo pa rin ho iyan. Iyong recovered natin ay apat na, ibig sabihin iyong mga gumaling ay apat na. Isa ang admitted sa isang hospital at isa ang naka-home quarantine.

So sa pangkalahatan, stable naman po iyong numbers natin so far pero ayaw nating magkumpiyansa rito dahil ang unang problema talaga natin ay wala pa tayong medyo

malawakang testing, iyon po ‘yung inaayos natin sa ngayon. So habang hindi tayo kampante sa numero na iyan, natutuwa tayo na naka-steady siya pero gusto pa rin ho nating makasigurado na iyong numero ay manageable pa ho.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Attorney mayroon pong programa ang BARMM na Ambag o Ayudang Medical mula sa Bangsamoro, ito po’y bilang assistance mga COVID-19 cases. Ano po ba ang sakop ng programang ito at papaano ninyo po ipinatutupad ito o iyong implementasyon nito?

**ATTY. SINARIMBO:** Tama po iyon, kasama ho sa mga regional programs natin bilang tugon doon sa COVID ay iyong AMBAG, ito iyong ayudang medikal para sa mga kababayan natin. So ang nangyayari ho rito, mayroon tayong memorandum of agreement doon sa mga ospital na nandito sa atin para ho bigyan sila ng pondo at iyong lahat noong mga kababayan natin na maoospital dahil sa COVID, puwede hong i-charge nila doon, babayaran ho natin buong expenses noong mga kababayan natin na connected doon sa COVID ang kaso. So iyon po ‘yung isang programa natin.

Ang pangalawa ho, dito sa medical gaya ho ng sinabi ko, iyon pong testing ang pinaka-challenge natin. Last Monday po, pumirma ng memorandum of agreement si Chief Minister Al Haj Murad Ebrahim sa Cotabato Regional Medical Center para ho ibigay iyong pera sa kanila na pambili noong mga laboratory equipment para ho masigurado natin na ma-accredit na ng RITM iyong Cotabato Regional Medical Center para ho puwede na tayo magsimula noong testing.

Dahil kung magti-testing ho tayo, ini-expect natin na tataas iyong cases. Sinimulan na rin ho iyong pagbi-build noong medical facility dito naman sa Cotabato Sanitarium Hospital para ho doon sa mga symptomatic na patients natin na proven positive, doon ho natin ilalagay. And then may isang facility pa na bini-build tayo para naman doon sa asymptomatic. Wala naman pong symptoms pero positive sila, pero kailangan pa rin nating i-isolate. So ito ho iyong mga medical programs na pini-pursue natin para ho masigurado natin na matugunan natin iyong pangangailangan ng mga kababayan ho natin.

**USEC. IGNACIO:** Okay. At talagang nailatag na rin po nang maayos ng BARMM iyong mga gagawin sakali nga po na kapag dumating na po iyong testing kits ay tumaas ang kaso na—sana naman po hindi ano po, dahil umiiral naman na iyong stay at home diyan sa lugar ninyo. Maraming salamat po, Minister Attorney Naguib Sinarimbo.

**ATTY. SINARIMBO:** Marami pong salamat at nakikiisa ho tayo sa buong sambayanan sa paglaban dito sa COVID. Magandang umaga po.

**SEC. ANDANAR:** Samantala, ngayon naman ay makakausap natin si PNP Spokesperson Brigadier General Bernard Banac. Magandang umaga po sa inyo, General.

**GEN. BANAC:** Secretary Martin, Usec. Rocky—

**SEC. ANDANAR:** As of today, ilan na po ba ang naitalang suspected na probable at positive COVID-19 cases sa ating PNP frontliners? Ilan na po ba sir iyong suspected na mayroong COVID sa ating mga kasamahan diyan sa PNP?

**GEN. BANAC:** Tama iyan Sec. Martin, at sa atin pong hanay ay mayroon na rin pong mga nagkakasakit at umabot na po na 67 ang lahat ng ating mga kasamang police frontliners ang nagpositibo sa COVID-19. At ang mga ito naman ay under strict monitoring ng ating mga police doctors at binibigyan po natin ng lahat ng assistance para po sila'y gumaling at maka-recover. Subalit mayroon pa tayong mino-monitor na 74 na mga probable patients at 596 na suspected patients dahil nagpapakita sila ng mga sintomas ng COVID-19.

Kaya nga po ang ating patuloy na pinapaabot sa ating mga kababayan, ang kahalagahan po na manatili sa kanilang mga bahay dahil maging ang mga police frontliners natin ay hindi po exempted sa pagkakasakit kaya umabot po ng ganitong bilang. Pero tuluy-tuloy naman Sec. Martin, Usec. Rocky ang ating mga preventive measures para po hindi dumami pa iyong bilang ng mga nagkakasakit na police frontliners.

**SEC. ANDANAR:** Ang PNP ay nagkaroon ng tinawag na Bayanihan Fund Challenge kung saan as of April 16 eh nasa 91 million na ang nakolekta mula sa pinagsama-samang pledges ng ating mga kapulisan. Ano po ba ang layunin ng challenge na ito at saan ito partikular na ilalaan ng Philippine National Police?

**GEN. BANAC:** Tama po iyan Sec. Martin. Ang atin pong pamunuan ng Philippine National Police sa pangunguna ni Police General Archie Francisco Gamboa ay naglunsad nga nitong Bayanihan Fund Challenge na tayo po ay makalikom ng pondo pang-ayuda po sa amelioration fund ng ating Pangulo para sa lahat ng ating mga kababayan na talagang nahihirapan ngayon sa mga panahong ito.

Kung ating matatandaan, tayo po'y naging benepisyaryo din ng mga salary increases for the last three years sa pamumuno po ng ating Pangulong Duterte. At naisip po natin, ng ating pamunuan maging ang ating mga kapwa pulis na ito iyong panahon na tayo naman ang magbigay 'no, galing po sa ating mga sariling mga bulsa at makatulong po sa kahirapan na dinaranas ng ating mga kababayan. Kaya po tuluy-tuloy ang ginagawang kalinga at malasakit na pinapakita ng PNP kahit na pinapatupad natin talaga nang mahigpit ang batas. So ito po ang layunin nitong Bayanihan Fund Challenge na umabot na nga ngayon ng 91 million pesos Sec. Martin.

**SEC. ANDANAR:** Sa kabila ng babala ng Philippine National Police sa mga nagpapalaganap po ng fake news at illegal activities online, marami pa rin [garbled] gumagawa ho nito. Paano ninyo mas pinaiigting po ng PNP ang kampanya laban sa fake news at ilan na po ba ang nahuli natin at paano po natin sila inaaresto?

**GEN. BANAC:** Tama po iyan Sec. Martin, tuluy-tuloy po ang ating kampanya laban sa fake news at umabot na nga po ng 41 ang mga iba't ibang arestadong mga indibidwal nationwide dahil sa pagpapakalat ng mga maling mga impormasyon. Ito po ay base sa mga complaints ng mga indibidwal o kaya institusyon na nagreklamo dahil may ilang mga indibidwal na irresponsible at naglalabas ng mga information na hindi validated o hindi confirmed. At ganoon din ang ginagawa natin doon sa mga online sellers/hoarders at iyong mga nagbebenta ng mga peke na mga items online ay ginagawa din natin iyan 'no para po mapigilan ang pagkalat ng mga ganitong mga online na mga fake news. So patuloy ang ating campaign diyan, Sec. Martin,

katulong natin ang DICT sa programang iyan at nariyan ang ating Anti-Cybercrime Unit, ang CIDG rin kasama rin iyan Sec. Martin.

**SEC. ANDANAR:** Okay. So papaano General halimbawa iyong mga nagtatago ng ano—iyong mga gumagawa ng fake news at nagtatago sa mga fake Facebook accounts or iyong mga Facebook accounts na wala naman talagang personalidad behind it na naka—[CUT] ginagawa ng PNP? O halimbawa sa mga LGU, saan po sila magrereklamo? Puwede ba silang magreklamo sa kanilang Chief of Police at doon po i-process bago po dalhin sa Crame?

**GEN. BANAC:** Tama po iyon Sec. Martin, marami po talaga ang mga gumagamit ng mga fictitious, na mga fake accounts online at although hindi natin kaagad talaga matukoy ang mga identities ng mga ‘to, pero hindi tayo tumitigil. Patuloy ang ating cyber patrolling na ginagawa at pasasaan ba’t matutukoy din natin ang mga ito ‘no.

So iyon pong lahat ng mga LGUs natin o kaya naman mga concerned individuals, mga institution na maaring magreklamo ay dumulog lamang po sa pinakamalapit na himpilan ng inyong pulisya o sa inyong bayan; o kaya naman ay makipag-ugnayan sa ating CIDG or Anti-Cybercrime Group at madali naman po tayong maabot ano kapag mayroon pong mga ganitong mga reklamo ay kaagad na tutugunan natin, Sec. Martin.

**USEC. IGNACIO:** General, may tanong lang po dito si Kaye Andraneda. Paki-clarify daw po ang proper implementation ng checkpoint, kasi may nare-receive daw po silang report na ang checkpoint daw po ng pulis sa may Stop & Shop corner ng Aurora Boulevard, kinakalkal daw po iyong gamit. Hindi ba’t ‘pag checkpoint, plain sight lang po? Ganoon ba daw iyong order ng PNP at natatakot daw po iyong mga ilang residente na mag-report kasi baka daw po sila balikan or pag-initan. Ano po masasabi ng PNP dito, General?

**GEN. BANAC:** Well, itong nangyari maari diyan Usec. Rocky ay isolated ano. Hindi po ganito ang polisiya ng PNP sa pagpapatupad natin ng measures sa quarantine control points. Ang atin pong ginagawa riyan ay, unang-una, iyong thermal scanning at iyong checking of identities lamang, kung kabilang ba sila sa authorized persons outside of residence. Kapag hindi po sila kabilang roon, iyong driver po ng private vehicle ay mabibigyan po iyan ng citation ticket at makukumpiska ang kaniyang driver’s license.

Iyon namang mga sakay na hindi otorisado ay pauuwiin po iyan. So ibig sabihin, kapag hindi otorisado maging iyong sasakyan ay pinababalik po iyan kasama po ang pagkakakumpiska noong kanilang mga driver’s license at mayroon pa silang citation ticket. So maliban doon, wala na po dapat ginagawa ang PNP natin doon sa baggage o mga gamit sa loob ng sasakyan.

Subalit may mga pagkakataon talaga na kapag ang pulis natin ay magkakaroon siya ng hinala na maaring may mga gamit talaga na—within plain sight ano, mayroon siyang napapansin, maari naman niyang tanungin pero hindi gagawin dapat na siya ang mismong magbubuklat o mang-uusisa. Kailangan po may pahintulot iyan noong may-ari noong mga gamit ano.

So ulitin po natin Usec. Rocky, maaring isolated po iyong nangyari pero maari po ninyong idulog iyong nangyari sa inyo pong hepe diyan sa inyo pong lokalidad para po mabigyan nang

corrective measures. Asahan ninyo po na hindi po natin ito pinapatupad or hindi ito ang polisiya ng PNP.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat sa inyong panahon, General Banac. Mabuhay po kayo, sir.

**GEN. BANAC:** Maraming salamat po, Sec. Martin.

**SEC. ANDANAR:** Ngayon naman Usec. ay makakausap natin si Boy Scouts of the Philippines President Roberto Pagdanganan. Magandang umaga po sa inyo, Gov.

**BSP PRES. PAGDANGANAN:** Magandang umaga Sec. Martin, Usec. Rocky at pagbati at paghanga mula sa tatlong milyong Boy Scouts sa Philippines. Natutuwa kami't 'laging handa' ang ginagamit ninyo sa Public Briefing, ito ang motto ng Boy Scouts.

**SEC. ANDANAR:** Yes sir, diyan po namin nakuha iyan sa laging handa dahil tayo po'y Boy Scout noong tayo'y nasa elementary. Tayo'y sumasali sa mga jamboree.

Sir, marami pong proyekto ang Boy Scouts of the Philippines para makatulong sa ating laban kontra COVID-19. Isa dito ang pagbubukas ng inyong mga pasilidad para sa mga health workers. Sino po ba iyong mga ina-accommodate ninyo?

**BSP PRES. PAGDANGANAN:** Doon po ngayon eh, iyong ating 120 room Boy Scout of the Philippines International Hotel ay mga doctor, nurses at mga healthworkers mula sa Philippine General Hospital. Nagsimula po ito nang makipag-meet sa amin ang opisina ni Senator Bong Go at ng Malacañang kaya maglilimang linggo na po ngayon na nandoon nakatira at libre po ito para sa mga health professional workers ng Philippine General Hospital.

Bukod po riyan, ay patuloy din iyong ating pakiki-isa sa panawagan lalo po ng ating Pangulo na siya ring Chief Scout. Alam po ninyo, sa awa ng Diyos wala pang isang Boy Scout na na-report na nagkaroon ng problema sa COVID-19. Nakikiisa po kami doon sa stay at home order, doon po sa proper handwashing, respiratory etiquette, iyong physical distancing at iba pang mga kautusan.

Gayun din po, nais kong ibalita rin sa inyo na bukod doon sa BP International Hotel, nandiyan din po iyong Mt. Makiling Langkawan Hall, ito po ngayon, may kasunduan kami ni Mayor Cesar Perez ng Los Baños para gamiting quarantine facility at ito po'y pakikipag-ugnay din ng CALABARZON DOH. at doon din po sa Teresa, Rizal, iyong Boy Scout Camp Abuyod ay ginagamit na rin po bilang quarantine facility ng Teresa, Rizal.

So ito po iyong mga ginagawa natin at idadagdag ko na rin po na iyong ating mga Boy Scouts ay patuloy pong tumutulong, gumagawa po kami ng mga PPEs, mga face masks, shields; at mahigit dalawang libo na po iyong naipagkaloob namin sa mga ospital – Ospital ng Maynila, Sta. Ana, Mandaluyong, Unciano, sa Tondo, Lung Center, East Avenue. Pero kanina po, nakikinig kami, siguro po ang susunod naming tutulungan ay iyong mga pulis naman, dito ho kay General Banac. At iyon pong ating mga Rover Scouts, madagdag ko na rin, iyong mga adult scouts ay

tumutulong po para doon sa mga quarantine facilities and proper disinfection, nakikipag-ugnayan sa LGUs.

**SEC. ANDANAR:** Okay. Maraming salamat po sa inyong panahon, Boy Scouts of the Philippines President Roberto Pagdanganan.

**BSP PRES. PAGDANGANAN:** Puwede ba idagdag ko lang? Narinig ko lang kay Secretary na makikipag-isa po kayo sa Plant, Plant, Plant. Kasama po sa plano namin, 5 million trees, fruit trees ang tinatanim ngayon ng mga Boy Scouts. Eh iyon pong lahat kami ngayon eh nag-uugnay na para magtanim ng vegetable, ng mga gulay sa kaniya-kaniyang bakuran. Kaya sana… makipag-coordinate kami sa kaniya kung sino iyong kakausapin para sa seedlings at nang makapagtanim, tatlong milyon po ito. Pati ang Girl Scouts nag-uusap na po kami, tatlong milyon din sila para matulungan ang programang ito. Maraming salamat, Secretary.

**SEC. ANDANAR:** Maraming salamat po President Roberto Pagdanganan ng Boy Scouts of the Philippines. Mabuhay po kayo, sir.

**BSP PRES. PAGDANGANAN:** Salamat po at mabuhay po kayo. God bless you.

**USEC. IGNACIO:** Samantala, dumako naman po tayo sa pinakahuling ulat mula sa iba't ibang lalawigan sa bansa. Mula sa Philippine Broadcasting Service, makakasama po natin si Dennis Principe.

[NEWS REPORTING]

**USEC. IGNACIO:** Samantala, narito po ang update sa bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa buong bansa. Base po sa tala ng DOH as of 4:00 PM, April 17, 2020: umabot na po sa 5,878 ang dami ng kasong naitalang nag positibo sa COVID-19.

Samantala, nasa 387 na rin po ang nasawi ngunit patuloy naman po ang pagtaas ng bilang ng mga nakaka-recover sa COVID-19 na umabot na sa 487.

Samantala, narito naman po ang datos mula April 15, 16 at 17, 2020. Sa nakalipas na tatlong araw kapansin-pansin po ang mabilis na pagtaas ng bilang ng kaso ng COVID-19 sa bansa.

**SEC. ANDANAR:** Mga kababayan, isang makabuluhang diskusyon na naman po, mahahalagang impormasyon ang nakalap natin ngayong umaga. Kaya naman kami po ay nagpapasalamat sa ating mga nakausap sa kanilang oras na inilaan sa ating programa.

Rocky, pasalamat tayo sa lahat ng ating mga kababayan at pinapaalala po natin ang physical distancing, kailangan lumayo tayo sa isa't isa para hindi tayo magkahawaan; patuloy tayong sumunod sa mga otoridad; at mahalaga upang maiwasan ang mabilis na pagkalat ng COVID-19 sa ating bansa, manatili lang po tayo sa ating mga tahanan upang mapanatili ang ating kaligtasan mula sa COVID-19.

Asahan po ninyo na patuloy naming ihahatid ang mga importanteng impormasyon na kailangan nating lahat.

**USEC. IGNACIO:** Ang public briefing po ay hatid sa inyo ng iba't ibang sangay ng Presidential Communications Operations Office sa pangunguna po ng People's Television Network, kasama ang Philippine Broadcasting Service at Radyo Pilipinas Network, Philippine Information Agency, Philippine News Agency, Office of the Global Media and Public Affairs, Bureau of Communications Services, National Printing Office, APO Production Unit at IBC 13, sa pakikipagtulungan ng Department of Health at kaisa ng Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas o KBP. Samantala, nais din po natin pasalamatan ang Pilipino Sign Language Access team.

**SEC. ANDANAR:** Ngayong panahon ng krisis ay mas lalo dapat nating ipadama ang tunay na pagmamahalan sa bayan at sa kapwa Filipino, magkaisa tayong lahat, maging maalam at mapagmatyag. Tandaan sa ating pagtutulungan at pagkakaisa malalagpasan po natin ang lahat ng problema. Together we heal as one. Muli po ako si Secretary Martin Andanar.

**USEC. IGNACIO:** Mula pa rin po sa Presidential Communications Operations Office ako po si Undersecretary Rocky Ignacio.

**SEC. ANDANAR:** Magkita-kita po tayo muli sa Lunes dito lang po sa Public Briefing #LagingHandaPh.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)